SmokeFreeColorado
Good health is good business

Batas ng Colorado 2006 Para sa Malinis na Hangin sa Loob ng Bahay o Gusali

Araw ng Pagpapatupad: July 1, 2006

Ipinapahayag na ang layunin ng batas ay pangalagaan at paunlarin ang kalusugan, kaginhawahan, at kapaligiran ng mga naninirahan sa Colorado, binibigyan ng limitasyon ang kanilang pagkalantad sa usok ng tabako o sigarilyo.

Ipinapatupad na ang mga Lugar sa Loob ng Bahay o Gusali ay Malaya o Ligtas sa Usok

Kasama ngunit hindi limitado sa:

- Mga lugar at gusaling pampubliko katulad ng elebetor, palikuran, sinehan, museo, aklatan, eskuwelahan, mga institusyon na pang-edukasyon, mga istruktura para sa mga retirado o mga alagaan ng mga matatanda.
- Mga bulwagan, mga lugar para sa pagtanggap ng mga bisita, mga pasilyo, at ano mang mga lugar na pangmadla
- Ano mang lugar ng trabaho na hindi nakatanggap ng pagpaliban sa pagtupad sa batas na ito
- Mga restoran, mga taberna, mga lugar ng sugalan na limitado, mga bilyaran, mga palaruan ng bowling, mga groserya, at ano mang mga establisamiyento na nagsisilbi ng pagkain
- Mga pook ng palaro na nasa loob ng gusali, mga lugar ng pampalakasan, at mga awditoryum
- Mga lugar sa pangangalaga ng kalusugan, mga ospital, mga klinika sa pangangalaga ng kalusugan, mga opisina ng doktor, at mga lugar na nag-aalaga ng mga bata
- HIndi bababa sa 75% ng silid tulugan sa mga otel o motel
- Mga kuwarto ng mga hurado para sa paghihintay o deliberasyon, mga silidhukuman, at mga silid pampulong na pampubliko
- Ano mang transportasyong pangmasa na pinatatakbo ng pamahalaan

Entrada o Pasukan

- Ang mga entrada ng mga gusaling nasasaklawan ng batas na ito ay kailangang libre sa usok
- Ang ibig sabihin ng “entrada” ay ang labas ng harapan o pangunahing pasukan papunta sa isang gusali. Nasasaklawan rin ng entrada ang propiyedad na pampubliko o pribado na nasa loob ng tinutukoy na rayos sa labas ng pasukan. Ang tinutukoy na rayos ay itatakda ng lokal na awtoridad, o kung hindi pa nakapagtakda ang lokal na awtoridad, ang tinutukoy na rayos ay magiging 15 piye.
- Maaaring magtukoy ng rayos na mas maiksi sa 15 piye ang lokal na awtoridad para sa pook na nasasaklawan ng entrada.

Hindi Saklaw ng Batas

- Mga bahay na pribado, mga residensiya, at mga kotse maliban lang kung ginagamit para sa pag-aalaga ng bata sa child care o day care
- Mga limosina sa ilalim ng pribadong arkila
- Hanggang 25% ng mga inuupahang kuwarto ng mga otel o motel
- Mga negosyo na nagtitingi ng tabako o sigarilyo

431 CIAA_Tagalog_PROD2.indd 1 6/2/06 3:48:10 PM

- Isang establisamiyento na kumumporme sa kahulugan ng “cigar-tobacco bar” o “establisamiyento o tindahan o restoran na ukol sa pagsisigarilyo o pagtatabako” sa petsang Disyembre 31, 2005
- Ang labas na parte ng kahit aling negosyo, maliban sa mga entrada na inilalarawan sa itaas
- Ang plano ng palapag ng pantingi ng mga kasino o bahay-pasugalan
- Ang mga tindahang pinahintulutan ang paninigarilyo o pagtatabako sa loob ng Denver International Airport na buong-buong nakukulob at may sariling pahanginan
- Mga kumpanya o opisina na may tatlo o mas mababang bilang ng mga empleyado na hindi nagpapapasok sa publiko
- Isang pribadong gusali sa bukid o rantso na hindi pang-tirahan na may kitang mas maliit sa $500,000 sa isang taon

Mga Multa

- Ang paglabag sa batas na ito ay isang Class 2 Petty Offense (Menor na Kasalanan, Ikalawang Klase)
- Labag sa batas para sa isang taong nag-aaari, nangangasiwa, nagpapatakbo, o dili kaya ay nagkokontrol ng paggamit ng kapaligirang binubuo ng gusali o bahay at lupang kinatitirikan nito na napapailalim sa batas na ito, na lumabag sa kahit aling itinatakda ng batas na ito
- Labag sa batas para sa isang tao na magsigarilyo o magtabako sa isang lugar kung saan ipinagbabawal ng batas na ito ang magsigarilyo o magtabako
- Pangunang paglabag sa loob ng isang taon - multa, $200
- Pangalawang paglabag sa loob ng isang taon - multa, $300
- Pangatlong paglabag sa loob ng isang taon - multa, $500

Ang bawa’t isang araw ng patuloy na paglabag ay itituring na isang bukod na paglabag.

Pagpapatupad

- Ang batas na ito ay isasakatuparan ng lokal na awtoridad

Para sa isang kopya o sipi ng batas, magpunta sa : www.SmokeFreeColorado.org

431 CIAA_Tagalog_PROD2.indd 2 6/2/06 3:48:10 PM